1

# Lingguhang Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Linggo 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 3**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | ANALINE C. VERGARA |
| **Tagasuri:** | NIMFA A. HERNAEZ / PRECIOSA N. CABINBIN |
| **Tagaguhit** | |
| **Tagalapat:** | ALDRIN B. MARCELO |

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ROLAND MONTES**, GMRC Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagkakaroon ng kaibigan. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbabahagi ng wastong paraan ng pagkakaroon ng kaibigan upang malinang ang pagiging totoo. | | | |
| *C. Lilinanging Pagpapahalaga* | Pagiging Totoo sa Sarili<br>(Sincerity) | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging totoo sa pamamagitan ng mabuting pakikipag-ugnayan sa kapuwa<br>a. Naiisa-isa ang mga wastong paraan sa pakikipagkaibigan<br>b. Naiuugnay na ang pagkakaroon ng kaibigan sa pagbuo ng ugnayan sa kapuwa na tanggap ang pagkakapareho at pagkakaiba ng mga tao.<br>c. Nakapagbabahagi ng mga wastong paraan ng pakikipagkaibigan (hal. paggamit ng magagalang na pananalita, pag-unawa. | | | |
| *E. Mga Layunin* | Nakikilala ang kahulugan ng talento o hilig at paraan ng pakikipagkaibigan. | Nakapagbabahagi sa mga kamag-aral at guro ang sariling galing at hilig sa pamamagitan ng gawain. | Nalalaman ang iba’t ibang paraan upang mapaunlad ang sariling galing at talento. | Natutukoy ang mga pinag- aralang konsepto sa loob ng nakalipas ng linggo. |
| *F. Disensyong Instruksyunal* | Context<br>Engage | Creativity<br>Experience | Explore<br>Context | Creativity<br>Emphatize |
| *G. 21st Century Skills* | Interpersonal Skills<br>Intrapersonal Skills | Visual Literacy<br>Teamwork | Critical Thinking<br>Reflective Thinking | Critical Thinking<br>Future Orientation |
| *H. Integrasyon* | Mapeh | Mapeh | Mapeh | Mapeh |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | Pag-unawa sa pagkakaroon ng kaibigan | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | Mga Larawan | Mga Larawan para sa mga gawain: | Snakes and Ladder Game board, Pangkulay (Crayola) | Tsart ng kwento |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Papel, Lapis at Pangkulay (Crayola) | -Cross-Do Not Cross<br>-Talent Pictograph | Flascards, Jumpled Letters Puzzle para sa gawain | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **1. Balik-aral**<br>Pag-usapan ang nakaraang aralin at sabihin ang Tama kung ang pangungusap ay ayun sa pinag-aralan o Mali kung hindi naman.<br>1. Ang pagtulong sa kaklase ay isang halimbawa nang magandang asal.<br>2. Ang nakakatanda laman sa atin ang dapat natin igalang.<br>3. Ang pakikipagusap nang mahinahon kung may hindi pag kakaintindihan ay pagpapakita nang mabuting pakikitungo.<br>Imbitahin ang mga bata na magbigay ng | **1. Balik-aral: Pagpapatuloy ng Show- and-Tell (Hilig at Talento)**<br>Ipagpatuloy ang Show and Tell ng klase. Tumawag ng 5 hanggang 7 bata. I-take note ang kanilang mga hilig at talento.<br>Ang guro ay papipiliin ang mga mag-aaral sa mga larawang inihanda.<br>Pagkatapos ay magkukuwento ang bata batay sa napiling larawan. (Ang mga larawan ay tungkol sa hilig at talento)<br>**2.Pagganyak:**<br>Pangunahan ang mga bata na maglaro ng **The Boat is Sinking.** | **1.Balik-aral: Pagpapatuloy ng Show- and-Tell (Hilig at Talento)**<br>Ipagpatuloy ang Show and Tell ng klase. Tumawag ng 5 hanggang 7 bata. I-take note ang kanilang mga hilig at talento.<br>Ipaalala sa mga bata ang pamantayan ng kaaya-ayang pakikisalamuha sa isa't isa lalo tuwing may nagsasalitang kaklase sa harap.<br>**2.Pagganyak:**<br>Pangunahan ang mga bata na maglaro ng **Giant Snakes and Ladder.** Siguruhing ang snakes at ladder ay nasa isang buong manila paper para makita ng mga mag-aaral. | **Balik-aral: Pagpapatuloy ng Show-and-Tell (Hilig at Talento)**<br>Ipagpatuloy ang Show and Tell ng klase. Tumawag ng 5 hanggang 7 bata. I-take note ang kanilang mga hilig at talento.<br>Ipaalala sa mga bata ang pamantayan ng kaaya- ayang pakikisalamuha na may paggalang sa isa't -isa at pag-unawa tuwing may nagsasalitang kaklase sa harap.<br>Pagkatapos ng pagbabahagi ng mga sabihin na kinabukasan ay tatawag ulit ng mga bata na magbabahagi sa harap ng kanilang galing at talento. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | halimbawa nang mabuting pakikitungo.<br><br>2. **Pagganyak:**<br>Sabihin:<br>• Magaling at naaalala pa ninyo ang kahalagahan ng pagkakaibigan at ang ang kaaya-ayang pakikisalamuha sa kaibigan.<br>• Pangungunahan ang mga mag-aaral sa isang kwento.<br>• **"Ang Batang si Faith"**<br>Si Faith ay masayahing bata na nasa unang baiting. Sa tuwing nakakarinig sya ng nakakaindag na tugtog, gustong-gusto nya itong sabayan ng sayaw. Pagdating sa paaralan marami syang kaibigan at lahat sila ay masaya sa tuwing | Bumuo ng isang malaking bilog at ibigay ang *pamantayan* ng laro.<br><br>Palubog na ang barka, kaya hatiin ang grupo batay sa:<br>1. Paboritong laro<br>2. Paboritong palabas sa tv<br>3. Paboritong kanta<br>4. Paboritong aralin sa paaralan<br>5. Paboritong pagkain<br><br>Hindi kailangang may matanggal sa laro tulad ng nakagawian sa The Boat is Sinking. Siguruhing lahat ng bata ay masaya sa laro.<br><br>Bago maglaro ay ipaalala sa mga bata ang pamantayan ng kaaya-ayang pakikipaglaro. | Bumuo ng 5 grupo ng mga bata. Bigyan ang bawat grupo ng token/pitsa.<br><br>Sa bawat ulo ng *snakes* ay mga larawan na hindi nagpapakita ng pagmamalaki o pagiging masaya sa sariling hilig o sa hilig ng iba.<br><br>Sa bawat ibaba ng ladder ay mga larawan na nagpapakita ng pagmamalaki o pagiging masaya sa sariling hilig o sa hilig ng iba.<br><br>Maaaring gamitin ang mga larawan na ginamit ng mga nakaraang araw.<br><br>Bago maglaro ay alalahanin kasama ang mga bata sa pamantayan ng kaaya-ayang pakikipaglaro. | **2. Pagganyak:**<br>* Bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral upang maipakita ang takda na maitanghal ang kanilang talent o hilig sa klase.<br><br>*Maaring manood ang magulang o kasama sa bahay ng mga mag-aaral.<br><br>Paalala: Ipakita o ipadama sa mga mag-aaral na mahusay ang kanilang ginagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng guro, magulang, o kasama sa bahay ng pagpalakpak at magandang pananalita para sa pagpapakita ng hilig o talent ng mga mag-aaral. (Bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makapagpahinga).<br><br>Itanong sa mga bata ang sumusunod:<br>1. Ano ang inyong naramdaman matapos ang inyong pagtatanghal? |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | magkakasama. Lagi nilang pinag-uusapan na tungkol sa pagsasayaw, kaya't pag walang pasok sa paaralan at payag ang kanilang mga magulang, si Faith at ang kanyang mga kaibigan ay laging nagsasayaw. Na nakahiligan nilang gawin. Masaya din ang kanilang mga magulang dahil hindi nila pinapabayaan ang kanilang pag-aaral at mayroon silang paayos na pagkakaibigan at nagtutulungan sa bawat isa. (Ang kwento ay sariling likha ni Dr. Ana Marie A. Afuang)<br><br>Mga katanungan:<br><br>1. Sino ang tauhan sa kwento?<br>2. Ano ang hilig gawin ni Faith at ng kanyang mga kaibigan? | | | 2. Sino ang tumulong sa inyong pag-eesayo o paghahanda?<br>3. Nakatulong ba ang iyong kaibigan o kamag-aral sa iyong paghahanda at paghahanda?<br>4. Sa iyong palagay, nagging mabuti ka ba sa iyong kamag-aral o kaibigan?<br>5. Dapat ba tayong magpasalamat sa ating talent o hilig? Bakit? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Mula sa kwento, mabuti ba ang relayon?<br>4. May maayos bang samahan ang pagkakaibigan nila Faith? | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | **Sabihin:**<br>Sa araling ito kayo ay inaasahang:<br>Naaalala ang pamantayan ng kaaya-ayang pakikisalamuha sa mga kaklase at guro.<br>Naipagmamalaki sa mga kaklase at kaibigan ang sariling galing at hilig sa pamamagitan ng “show and tell” | **Sabihin:**<br>Sa araling ito, kayo ay inaasahang:<br>Naaalala ang pamantayan ng kaaya-ayang pakikipaglaro sa mga kaklase at guro.<br>Naipagmamalaki sa mga kaklase at kaibigan ang sariling galing at hilig sa pamamagitan ng paggawa ng “pictograph”. | **Sabihin:**<br>Sa araling ito, kayo ay inaasahang:<br>Naaalala ang pamantayan ng kaaya-ayang pakikipaglaro sa mga kaklase at guro.<br>Nalalaman ang kahalagahan ng pagiging masaya at pagmamalaki sa mga hilig at talento ng bawat isa. | **Sabihin:**<br>Ipatutukoy ng guro ang sumusunod:<br>1. Maalala ang pamantayan ng kaaya-ayang pakikisalamuha sa mga kaklase at guro.<br>2. Pagtukoy sa kahulugan ng Pictograph.<br>3. Malalaman ang kahalagahan ng pagiging masaya at pagmamalaki sa mga hilig at talento ng bawat isa.<br>4. Pagtukoy sa kahinaan at kung paano mapabuti ang mga kahinaang ito.<br>5. Kahalagahan ng palaging nagpapasalamat. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Gagamitin ng guro sa mga simpleng pangungusap ang bawat salita upang magabayan ang mga bata na maibigay ang kahulugan nito. Maaring magbigay ng halimabawa ang guro.<br>➢ Hilig –Hilig ko ang gumuhit at kumanta.<br>➢ Talento – Ang talento ng aking kuya ay tumugtog ng gitara at sumakay sa skateboard.<br>➢ Kaaya-aya – Ang pagsasayaw ng aking mga mag-aaral ay kaaya-ayang panoorin. | Bibigkasin at gagamitin ng guro sa simpleng pangungusap ang salita upang maibigay ang kahulugan nito.<br>➢ Pictograph – Ang pictograph ay nagpapakita kung gaano karami ang bilang ng mga tao o bagay sa isang grupo<br>➢ Pakikisalamuha – Ang magandang pakikisalamuha sa ibang tao ay isang paraan ng pagrespeto sa kapuwa. | Maglaro ng **Jumbled Letters** gamit ang mga salita sa nakaraang araw:<br>Galing<br>Paborito<br>Pakikisalimuha<br>Pagbabahagi Kaibigan<br>Maghanda ng malalaking flashcards ng letters.<br>Siguruhing may isang set ng flashcards para sa limang grupo.<br>Ang mga salita sa isang set ay ang sumusunod:<br>Hilig<br>Talento<br>Kaaya-aya<br>Pictograph<br>Pakikisalamuha<br>Hayaan ang bawat grupo na punan ang bawat pangungusap ng tamang salita sa pamamagitan ng pag-aayos ng mga ginulong letra.<br>Siguraduhing basahin ang pangungusap sa mga bata. | Maglaro ng kasing-kahulugan gamit ang mga salita sa nakaraang araw:<br>Hilig<br>Talento<br>Kaaya-aya<br>Pakikisalamuha<br>Sa kaliwang pisara ay nakalista ang mga salitang pinag-aralan ng mga nakaraang araw.<br>Sa kanang bahagi ng pisara ay may mga nakasulat na salitang kasing kahulugan ng listahan sa kaliwa.<br>Gumuhit ng linya mula sa kaliwang salita papunta sa kasingkahulugan nito sa kanan. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td></td>
<td>*Maaraing ilagay sa pisara ang mga pagpipiliang Salaita upang maging familiar ito sa mga bat, Ipabasa at pasunurin ang mga mag-aral sa pagbasa neto., Ibigay din ang wastong kahulugan neto.<br><br>- ang tawag sa mga bagay na gusto nating gawin.<br><br>- ang tawag sa mga gawaing tayo ay magaling.<br><br>- ang tawag sa chart na nagpapakita ng dami ng tao o bagay sa mga grupo batay sa bilang ng larawan.<br><br>- ay ang pagharap sa kapwa.<br><br>- ang ibig sabihin ng _________ ay mabuti o maganda.</td>
<td>
<table>
<tr><th>List A</th><th>List B</th></tr>
<tr><td>Hilig<br><br>Talento<br>Kaaya-aya<br><br>Pakikisalam<br>uha</td><td>Hindi<br>Maganda<br><br>Pakikisa<br>ma<br><br>Gusto<br>Galing</td></tr>
</table>
<br>Kapag tapos na ang gawain sa pisara, hikayatin ang mga bata na magbigay ng pangungugsap gamit ang mga salitang ito. Maaaring tumawag ng 2 hanggang 3 bata para sa bawat salita.</td>
</tr>
</table>

| Habang Itinuturo ang Aralin | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Dapat Tandaan: Ipabasa sa mga mag-aaral.<br><br>Mahalaga ang pagkakaroon ng kaibigan at ito ay bahagi ng pakikisalamuha sa ating guro at mga kamag-aral. | Mula sa salitang KAIBIGAN, basahin ang nilalaman ng bawat titik. Maaaring pumili ng mag-aaral para basahin isa-isa ang bawat titik.<br><br>K-Kaagapay<br>A-Ako,<br>I- Ikaw<br>B-Bilang<br>I- Isang<br>G-Grasya<br>A-Ang<br>N-Na dapat igalang.<br><br>Tanong: Naging masaya ba kau sa gawain? | K A I B I G A N<br>A E U T O I E O<br>C U O A A O I I<br>C O E L I I E E<br>B B O E O E O I<br>O C E N I C E C<br>U U I T C A I U<br>I A O O U O C E<br><br>Panuto: Hanapin ang salitang kaibigan at talento sa *puzzle* at kulayan ito ng kulay pula na *"Crayola"*. | Gawain:<br><br>Panuto: Punan ang patlang upang mabuo ang kaisipan.<br><br>Ako si ____________ Ang talento ko ay __________<br><br>Salamat kay __________________________<br>(magsulat ng taong nakakatulong sa kanila, halimbawa ay magulang)<br>sa pagtulong sa king paghusayin ang aking mga hilig at talento. |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | Sabihin: Iba-iba ang hilig nating gawain at iba-iba ang ating talento. Ang ating galing ay dapat ipinagmamalaki. Kaya ngayon ay gusto kong idrowing ninyo sa papel ang inyong mga bagay na hilig ninyong gawin at ang inyong talento.<br><br>Bigyan ang mga bata ng ilang minuto para iguhit | Gumawa ng "*Talent Pictograph"* kasama ang mga bata. Maaaring gamitin ang sumusunod na larawan para sa mga talento:<br><br>***Bola*** para sa isport/palakasan<br><br>***Paint brush*** para sa pagpinta at pagguhit<br><br>***Theater curtains*** para pagsasayaw o pag-arte | Balikan ang larong *Snakes and Ladder.*<br><br>Alalahanin ang mga larawan sa ibaba ng ladder.<br><br>Alalahanin ang mga larawan sa ulo ng snakes.<br><br>Humanda para sa katanungan.<br><br>Mga katanungan:<br><br>1. Naging masaya ka ba sa ginawa natin? | Sabihin: Hindi sa lahat ng pagkakataon ay kayang gawin ang mga gusto natin sa buhay.<br><br>Minsan kailangang mag-ensayo muna o tulong mula sa ating kaibigan, kamag-aral, o<br><br>Sa pagpapatuloy, hikayatin ang mga bata na makinig sa isang kwentong pinamagatang "Malaki na si Bunso." |



DepED MATATAG · BAGONG PILIPINAS · Department of Education NCR
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ng kanilang galing at talento.<br><br>Mahirap para sa mag-aaral ang gumuhit ng kanyang talento.<br><br>Sabihin sa mga bata na tatawagin sila isa-isa para ibahagi ang kanilang drowing.<br><br>Tumawag ng 5 hanggang 7 bata.<br><br>Ipaalala sa mga bata ang pamantayan ng kaaya- ayang pakikisalamuha sa isa't isa lalo na sa tuwing may nagsasalitang kaklase sa harap. | ***Microphone*** para sa pag- awit.<br><br>***Aklat*** para sa pagbabasa<br><br>***Numero*** para sa matematika<br><br>***Puso*** para sa marunong makipagkaibigan<br><br>*(Magdagdag ng iba pang larawan para sa iba pang talento ng mga bata.)*<br><br>Panuto:<br><br>Papiliin ang mga bata ng isang larawan na nagpapakita ng kanilang talento at idikit ito sa pictograph.<br><br>Pagtapos namagdikit ang lahat ng bata ay bilangin isa-isa ang larawan sa pictograph.<br><br>Tingnan kung alin sa mga talento ang may pinaka maraming larawan, alin ang may pinakakaunti at alin ang may pareho ang bilang. | 2. Mahalaga ba ang mag ensayo? Bakit? | **Malaki na si Bunso**<br><br>Malaki na si Bunso. Marami na siyang kayang gawin tulad ng kumain, maligo, at magbihis mag- isa. Marunong na ring bumasa at gumuhit si Bunso. Lagi niyang ibinibigay ang kanyang mga ginuhit sa mga kaibigan at guro kaya't tuwang tuwa sila kay Bunso.<br><br>Minsan ay napadaan siya sa may plaza at nakita ang mga batang nagbibisikleta. Masayang tiningnan ni Bunso ang mga batang nagbibisekleta at hindi ito nahiyang magsabi sa kanyang kuya na gusto rin niyang matutong mag-bike.<br><br>Magiliw na pumayag ang kanyang kuya. "Siyempre naman tuturuan kita." Tuwing hapon pagkatapos ng pag-aaral ay |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Maaaring magkaroon ng maikling talakayan kung bakit may ilang talent na mas marami sa kanila ang may taglay neto at bakit kaunti nman ang ilang batang may nasabing talento.<br><br>Ipaliwanag na ang bawat-isa sa atin ay may natatanging talent na maaring kakaiba sa kauwa mag-aaral. | | pumupunta sila sa plaza upang mag-ensayo.<br><br>Unit-unti ay natutuhan din ni Bunso ang magbisikleta. Ipinagmamalaki niya na tinuruan siya ni Kuya.<br><br>Sabi niya kay Kuya ay mas masaya pala kapag dalawa silang nag-eensayo.<br><br>Sumang ayon si Kuya at nagsabing, "kapag nagtutulungan ay madaling natututuhan. |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | **Tanong Komprehensiyon**<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagsagot sa bawat katanungan<br><br>Ilan sa inyo ang mahilig sa ___________ *(Magbigay ng hilig mula sa sinabi ng mga batang nagbahagi sa harap)?*<br><br>Itaas ang kamay kung ito rin ay hilig Ninyo. | **Tanong Komprehensiyon**<br><br>Tingnan kung alin sa mga talento:<br><br>1. Pinakamara ming larawan<br><br>2. Pinakakaunti ang larawan<br><br>3. Magkaparehong bilang<br><br>Tanungin ang mga bata: | **Tanong Komprehensiyon**<br><br>Bakit umaakyat sa hagdan kapag ang nasa larawan ay nagpapakita ng pagmamalaki o pagiging masaya sa sariling hilig o sa hilig ng iba?<br><br>Bakit naman bumabalik sa simula tuwing tumatapat sa larawan sa ulo ng snakes? | **Tanong Komprehensiyon**<br><br>Sino-sino ang tauhan sa kwento?<br><br>Ano ang mga kayang gawin ni Bunso?<br><br>Ano ang gustong matutuhan ni Bunso?<br><br>Paanong natutong magbisikleta si Bunso? |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <u>*(Bilangin kung ilang bata ang nagtaas ng kamay.)*</u><br><br>Ano ang ginagawa ninyo para lalo pang mapabuti ang inyong hilig at talento?<br><br>Ano naman ang nararamdaman ninyo sa tuwing ginagawa ang mga bagay na hilig at talento ninyo?<br><br>Ano naman ang mararamdaman natin kapag pinanonood ang ibang tao na ipinapasa pagtatanghal ng hilig at talento?<br><br>Mensahe ng Show and Tell:<br><br>*Makilala at maipagmalaki ng mga bata ang mga hilig at talento ng bawat isa.* | Ano ang ibig sabihin ng pinakamaraming larawan sa pictograph?<br><br>Ano naman ang ibig sabihin ng pinakakaunting larawan sa pictograph?<br><br>Kahapon ay sinabi natin na lahat ng tao ay may kanya kanyang hilig at talento.<br><br>Ganito rin ang makikita sa pictograph—Ang iba sa atin ay magaling sa sports, sining, akademiko, at iba pa.<br><br>Mensahe ng Pictograph:<br><br>*Makilala at maipagmamalaki ng mga bata ang mga hilig at talento ng bawat isa.* | Isang tanda ng kaaya-ayang pakikisalamuha ay ang pagiging masaya sa ating talento at sa talento ng kapwa natin.<br><br>Nakakatulong ito upang magkaroon ng maraming kaibigan at matuto ng mga bagong gawain tulad ng sports at sining. Tulad sa snakes and ladder, tayo ay sama-samang umaakyat kapag maaayos ang pakikitungo sa kapuwa.<br><br>Pero kung hindi maganda ang pakikisalamuha natin sa iba, parang snakes and ladders din na tayo ay bumaba ulit dahil maaaring mabawasan ang ating kaibigan. | Kung hindi pumayag si Kuya na turuan magbisikleta si Bunso, may iba kayang pwedeng magturo sa kanya?<br><br>Sino pa kaya ang iba pang puwedeng magturo kay Bunso sa pagbibisikleta?<br><br>Ano kaya ang mararamdaman ni Bunso kung walang gustong magturo sa kanyang pagbibisikleta? |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Maglaro "**traffic light**."<br><br>- Kumuha ng 3 bata na hahawak ng tatlong kulay ng traffic light: *luntian*, *kahel*, at *pula* | Magpapalaro ng traffic game, ang "**Cross-Do not Cross**."<br><br>- Kumuha muli ng 2 bata (iba kaysa kahapon) na hahawak ng | Ang guro ay magbibigay ng activity sheet. Pakulayan sa mga bata ang mga larawan na nagpapakita ng paggamit ng talento para sa mabuting | Hikayatin ang mga bata na maglaro ng tama o mali.<br><br>Sabihan silang **sumaludo** kung ang pangungusap ay |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ○ Pumila sa *Luntian* kung ang pangungusap ay nagpapakita ng saya at pagmamalaki para sa hilig at talento ng isa't isa.<br>○ *Pula* kung ang pangungusap ay hindi nagpapakita ng saya at pagmamalaki para talento at hilig ng isa't isa<br>○ *Kahel* kung hindi sigurado<br><br>- Bumuo ng 5 grupo at papilahin ang mga bata sa bawat grupo.<br>- Basahin ang sumusunod na pangungusap.<br>○ Pumunta kami sa parke para panoorin ang pagawit ng aking kaibigan kasama ang pamilya ko. (Luntian) | dalawang larawan: *Cross* at *Do Not Cross*<br>○ Pumila sa *Cross* kung ang pangungusap ay nagpapakita ng tamang paglalarawan sa pictograph.<br>○ *Do not cross* kung ang pangungusap ay hindi nagpapakita ng tamang paglalarawan sa pictograph<br><br>- Bumuo ng 5 grupo at papilahin ang mga bata sa bawat grupo.<br><br>- Basahin ang mga sumusunod na pangungusap.<br><br>○ Ang talentong may pinakamarami sa klase ay __________. | pakikisalamuha sa kapwa:<br><br>-Pagsuporta sa mga kaibigan at kaklase na may parehong talento na mapahusay pa lalo ang kanilang kakayahan<br><br>- Mabahagi ng pagkain sa mga tumulong sa paghahanda.<br><br>- Pagtulong sa mga mas batang kaibigan na mapahusay ang kanilang talent<br><br>-Magpaturo sa mga mas nakatatandang kaibigan upang mapahusay ang sariling talento.<br><br>-Ibahagi sa mga kaibigan at pamilya ang iba't ibang talento. | nagsasaad ng tamang paraan ng pagtugon sa kahinaan at gumawa ng ***stop sign*** gamit ang kamay kung hindi.<br><br>1. Nagtatago sa mga kaibigan kapag hindi alam ang gawain.<br><br>2. Nag-eensayo upang lalong maging magaling sa gawain.<br><br>3. Humingi ng tulong sa iba na mas bihasa kaysa sarili.<br><br>4. Huwag pansinin ang nagbibigay ng tulong para mapadali ang gawain.<br><br>5. Magsimula sa maliliit na gawain hanggang maging bihasa bago gawin ang mas kumplikadong gawain. |




Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ○ Masaya akong nagselfie habang tumutugtog si kuya ng gitara. (Luntian)<br>○ Naglalaro ako sa cellphone habang ang mga kaklase ko ay sumasayaw sa paligsahan<br>○ Kinakabahan ako tuwing tinatawag ng guro para sa show-and-tell.<br>○ Masaya ako tuwing kumakanta kasama ang aking mga kaibigan. (Luntian) | ○ Ang talentong may pinakakaunti sa klase ay___.<br>○ Pareho ang bilang ng mga batang may talento sa _______.<br>○ Magkaiba ang bilang ng batang may talento sa ________.<br>○ Ang pictograph ay nagpapakita ng iba't-ibang hilig at talento ng mga bata.<br>○ Ang pictograph ay nagpapakita na may batang pareho ang talento. | | |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Panuto: Bilugan ang larawan na nagpapakita ng masaya at may pagpapahalaga sa hilig at talento.<br><br>(Tignan ang "worksheet" para sa unang araw ng paksa para sa Week 3.) | Panuto: Lagyan ng salitang **Tama** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng pagbabahagi ng talento sa kaibigan. Isulat ang **Mali** kung hindi.<br>1. Isinama ko ang aking kaibigan na magbisikleta dahil wala sya nito.<br>_________ | Panuto: Kulayan ang mga larawan na nagpapakita ng paggamit talento para sa mabuting pakikisalamuha sa kapwa.<br> | Panuto: Isulat ang nawawalang titik upang mabuo ang mga salita. (Kinakailangan ang gabay ng guro sa pagsagot ng mga mag-aaral).<br><br>1. T A _ E _ T O<br><br>2. K A I _ I G A _ |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 2. Sabay kaming nag-aaral ng “spelling” ng aking kamag-aral. ______________<br><br>3. Nakalimutan ng kamag-aral ko ang kanyang pangkulay kaya pinahiram ko sya. _______<br><br>4. Kahit madami akong baon ay itinago ko ito sa aking bag para walang manghingi. ______<br><br>5.Sabay kaming nag-ensayo ng aking tatay sa pagkanta para sa kaarawan ng aking nanay. ____________ | <br><br><br><br><br><br> | 3. H _ L I _<br><br>4. M A _ A Y _<br><br>5. P A _ I K I S A _ A M U _ A<br><br>Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga nabuong mga salita mula sa paksang tinalakay. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Bilugan ang larawan na nagpapakita ng pagmamalaki sa hilig at talento. (Maaaring ihanda ng guro ang awain na ito para sa “remediation”)<br><br>1. Larawan ng batang masayang gumuguhit kasama ang mga kaibigan. | Ipasusuri ng guro ang ginawang pictorgraph.<br><br>Panuto: Kumpletuhin ang mga impormasyon batay sa pictrograph. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang.<br><br>Ang aking talento ay<br>_____________________ | Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pagkakaroon ng guro na maghanda (magtanggal) sa klase ng mga talento na gusto nilang gawin.<br><br>Halimbawa ay: Pag-awit<br>Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang gusto nilang gawin. At ito ay maaari ring gawing takda | Gumawa ng activity sheet at i-*trace* ang naging daan ni Bunso patungo sa pagkatutong magbisikleta.<br><br>Alam ni bunso na siya ay malaki na at marami nang kayang gawin. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Larawan ng batang iba ang ginagawa habang nanonood sa ibang batang kasali sa paligsahan.<br><br>3. Larawan ng nakatatandang bata na tinuturuang magbisikleta ang isang mas maliit na bata.<br>4. Larawan ng magkakaibigan na masayang nagkakarerahan gamit ang sako.<br>5. Nagkakareraha n gamit ang sako<br>6. Larawan ng mga batang pumupugay sa mga kasali sa palaro. | Mayroon akong __________ bilang ng kaklase na kapareho ko ng talento.<br><br>Ang may pinakamaraming talento ay _________.<br><br>Ang may pinakaunting talento ay ___________. | upang mas higit na magabayan ng kanilang mga magulang o kasama sa bahay.<br><br>At humanda para sa susunod na pagkikita para sa pagtatanghal. | Ginagawang mag-isa ni bunso ang mga gawaing kaya naman niya.<br><br>Natutuwa si Bunso na makita ang mga batang magaling magbisikleta.<br><br>Hindi nahiya si Bunso na mgsabing hindi siya marunong magbisikleta.<br><br>Nagpaturo si Bunso sa kanyang kuya kung paano magbisikleta. |
| *Mga Tala* | Takdang aralin para sa buong Linggo. Ipapasa ang takdang aralin sa Huwebes.<br><br>Bumuo ng poster na nagpapakita ng iba't ibang talento ng bata. Maaaring iguhit o magdikit ng larawan. Disenyuhan ang poster. | | | Gumawa ng t*hank you card* para sa mga kaibigan na laging tumutulong sa iyo. |
| *Repleksiyon* | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph